

PAGDIDISENYO NG MGA INKLUSIBONG PALARUAN



Tumulong sa Paghubog ng Disenyo ng Inklusibong Palaruan sa Vancouver

Ang Vancouver ay may mahigit 150 palaruan. Marami sa mga ito ang naitayo namin bago pa man ang kasalukuyang pag-unawa sa inklusibong paglalaro. Ang proyektong ito ay makakatulong upang matiyak na ang mga palaruan na aming itinatayo ay magiging maayos para sa lahat ng mga bata, pamilya, at tagapag-alaga.

Ang Lupon ng Vancouver para sa Mga Parke at Libangan (Vancouver Board of Parks and Recreation) ay nagsisimula ng isang inisyatibo upang gawing mas inklusibo ang mga palaruan. Gumagawa kami ng mga bagong patnubay para sa pagdidisenyo ng mga inklusibong palaruan sa buong lungsod. Ang mga patnubay na ito ay makakatulong din sa amin na magplano ng isang inklusibong destinasyonng palaruan sa Memorial South Park. Kabilang sa mga layunin ng gawaing ito ang:

- **Pagbuo ng mga palaruan na inklusibo at madaling puntahan.** Nais naming maging ligtas, malugod, at madaling gamitin ang mga palaruan para sa lahat. Dapat makilahok ang lahat ng mga bata sa aktibong paglalaro at gumugol ng oras kasama ang iba.
- **Pagtulong sa mga tao na kumonekta.** Nilalayon naming lumikha ng mga espasyo kung saan ang mga bata, tagapag-alaga, at mga miyembro ng komunidad ay maaaring magkita-kita, mag-usap, at gumugol ng oras nang magkakasama.
- **Pag-aalok ng iba't ibang uri ng paglalaro.** Ang mga palaruan ay dapat mag-alok ng halo ng mga aktibidad na may iba't ibang antas ng paghamon. Nakakatulong ito sa mga batang may iba't ibang pangangailangan na makilahok sa mga paraang tama para sa kanila.
- **Higitan ang mga pangunahing kinakailangan.** Gusto namin ng mga palaruan na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng mga taong gumagamit ng mga ito. Nangangahulugan ito ng pag-iisip tungkol sa mga pandama, emosyonal, kultural, at pisikal na pangangailangan, kasama ang pagiging madaling puntahan.

Sinusuportahan ng gawaing ito ang mga layunin ng Lupon ng Parke na mapabuti ang inklusibong paglalaro sa Vancouver. Naaayon ito sa tagubilin ng [VanPlay](#) at iba pang tagubilin ng Lupon ng Parke upang lumikha ng mga inklusibo at madaling puntahan na palaruan.



Ano ang Inklusibong Paglalaro?



Nangangahulugan ang inklusibong paglalaro na ang mga tao, anuman ang kanilang kakayahan, edad, at pinagmulan, ay maaaring maglaro nang sama-sama. Higit pa ito sa mga pangunahing kinakailangan sa daling mapuntahan. Ang inklusibong paglalaro ay tumitingin sa pisikal na access, mga karanasang pandama, koneksyon sa lipunan, at inklusyon sa kultura. Dapat maging kumportable at magkaroon ng kakayahang sumali ang lahat ng mga bata, tagapag-alaga, at mga miyembro ng komunidad.

Mga Patnubay sa Disenyo ng Inklusibong Paglalaro

Ang Mga Patnubay sa Disenyo ng Inklusibong Paglalaro ay makakatulong sa amin na gawing madaling mapuntahan, ligtas gamitin, at malugod na tinatanggap ang mga palaruan para sa lahat. Upang bumuo ng mga patnubay, kami ay:

- Kumukuha ng input mula sa komunidad,
- Humihingi ng payo mula sa mga eksperto sa daling mapuntahan at paglalaro, at
- Sinusuri ang mga pinakamahusay na kasanayan sa inklusibo upang malaman kung ano ang gumagana sa ibang mga lugar.



Memorial South Destination na Palaruan

Inaayos namin ang palaruan sa Memorial South Park. Nagtakda ang Lupon ng Parke ng layunin na lumikha ng limang inklusibong palaruan para sa mga destinasyon sa buong Vancouver sa pagsapit ng 2040. Ang Memorial South Park ang magiging una sa mga palaruan na ito. Ito ang magiging unang lugar kung saan namin isasagawa ang Mga Patnubay sa Disenyo ng Inklusibong Palaruan.



Makilahok!

Gusto naming marinig ang iyong mga saloobin at karanasan sa mga palaruan. Ipaalam sa amin kung ano ang ibig sabihin para sa iyo ng “inklusibong paglalaro”, at kung ano ang nagpapadali o nagpapahirap sa paggamit ng mga palaruan para sa mga tao.

- Sagutan ang aming [online survey](#) bago ang Mayo 26, 2026.
- Bisitahin kami sa Centennial Celebration ng South Vancouver Neighbourhood House sa Memorial South Park. Naroon kami mula 11 am-1 pm sa Linggo, Mayo 24, 2026
- Para ibahagi ang iyong input sa Tagalog, tumawag sa 3-1-1 bago ang Mayo 26, 2026. Ikokonekta ka ng isang ahente ng Customer Service sa isang interpreter upang matulungan kang makumpleto ang survey.

**Kontakin
kami** 

Email: InclusivePlaygroundDesign@vancouver.ca

Pumunta sa: shapeyourcity.ca/inclusive-playground-design

Tumawag sa: 3-1-1

